

Impormasyong newsletter para sa mga dayuhang residente  
～Layunin namin ang sama samang paninirahan sa lipunan

Tagalog

55

# Ayase Today あやせトゥデイ

Inedit and inilathala ng  
Ayase City Hall Ang Departamento ng Pagpapalano


編集・発行：綾瀬市役所 企画課 電話 0467-70-5657

新型コロナウイルスへの感染対策をしましょう！  
Pag-iingat laban sa impeksyon na COVID-19




Hugasan nang lubusan  
ang inyong mga kamay  
gamit ang sabon at tubig

水と石けんで  
丁寧に手洗い



Kunin ang inyong  
temperature 体温を測る



Magsuot ng  
mask マスクの着用



Panatilihin ang social  
distancing ( mga 2 metro ang  
distansiya kung maaari)

身体的距離の確保  
(できるだけ2m)

Pahanginan ang  
mga silid 部屋の換気

## Mayroong mga bagong patakaran para sa paggamit ng mga pampublikong pasilidad

Upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa COVID-19, binago ang mga patakaran sa mga pampublikong lunsuran at sports center.

Kapag papasok sa mga gusali, hugasan ang inyong mga kamay, linisin ang inyong mga daliri at magsuot ng mask.

Kung ang temperatura ng inyong katawan ay mas mataas kaysa sa dati ninyong temperatura, kung mayroon kayong ubo o kung hindi maganda ang inyong pakiramdam, hindi kayo maaaring gumamit ng mga pampublikong pasilidad.

At kailangan ninyong isulat ang inhyong kondisyon sa kalusugan sa isang form at isumite ito bago gamitin ang mga pampublikong pasilidad.

Para po sa mga detalyadong panuntunan, makipag-ugnay po lamang sa pasilidad nang maaga kung ito ay nais na gamitin.

## 公共施設の利用ルールが新しくなりました

新型コロナウイルスの感染拡大防止のために、公民館やスポーツ施設の利用ルールが変わりました。

施設に入るときは、手洗い・手指の消毒・マスクを着用してください。

普段よりも体温が高い時や、咳が出るとき、体調が悪い時は施設の利用はできません。

また、利用する前に健康状態を紙に書いて提出する必要があります。

詳しいルールは利用する施設に、事前に確認してください。

新型コロナウイルスの影響で生活が大変な方のための多言語での電話相談

**Ang mga konsultasyon sa telepono sa maraming wika para sa mga nakararanas ng kahirapan sa pang-araw-araw na buhay dahil sa COVID-19**

法務省外国人在留支援センター (FRESC) <sup>ふれすく</sup>

Ministry of Justice Foreign Resident Support Center

TEL : 0120-76-2029

Mga oras: 9 ng umaga hanggang 5 ng hapon sa mga araw ng trabaho (sarado tuwing Sabado, Linggo at pambansang pista opisyal.) Libre walang bayad.

Magagamit na mga wika, Nihongo, Vietnamese, Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Tagalog, Nepalese, Indonesian, Thai, Khmer(Cambodian), Burmese, Mongolian.

平日の午前9時から午後5時まで対応 (土日祝日は休み)。  
全14言語対応。  
無料です。

生活の困りごとをあなたの国の言葉で相談できます

**Maaari kayong kumunsulta sa inyong sariling wika kung mayroon kayong mga problema sa pang-araw-araw na pamumuhay**

多言語支援センターかながわ

Multilingual Support Center Kanagawa

TEL : 045-316-2770



Maaari kayong kumunsulta tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay na walang bayad. Mga oras: 9:00 - 12:00 / 13:00 - 17:15

Depende sa araw ng linggong iyon ang paggamit ng wikang magagamit.

Magagamit na mga wika Ingles, Intsik, Tagalog Vietnamese, Espanyol, Portuguese, Nepalese, Thai, Korean, Indonesian, madaling nihongo

無料で、生活の相談ができます。

時間：9～12時／13～17時15分

全10言語対応。

言語ごとに対応できる曜日が変わります。

**Maaari kayong makakuha ng tulong pampinansiyal para sa inyong renta**

Ang tulong pampinansiyal para sa renta ay magagamit para sa mga nabawasan ang kinita o nawalan ng trabaho o nagsara ng kanilang mga negosyo dahil sa COVID-19. May mga pamantayan para sap ag-aaplay para sa tulong. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Welfare at General Affairs sa unang palapag ng munisipyo ng Ayase.

TEL: 0467-70-5626  
(Welfare and General Affairs)

Kung kailangan nyo ng isang tagapagsalin wika, ang isang tagapagsaling wika ng komunidad ay magagamit.

Magagamit ang tagasaling wika sa mga araw na natutukoy. (Hindi sila magagamit araw-araw) Maaari kang gumawa ng isang tipanan sa pamamagitan ng telepono. Ang mga wikang magagamit ay Vietnamese, Portuguese, Espanyol at Ingles.

TEL: 0467-70-5657  
(Seksyon ng Internasyonal/ Seksyon ng Kasarian-Pagkapantay-pantay, Kagawaran ng Pagpapalano)

**家賃の補助ができます**

離職や廃業又は新型コロナウイルスの影響等で、収入が減少した方を対象に、家賃支給の制度があります。申し込みには条件があります。詳しくは、市役所1階の福祉総務課に確認してください。

TEL : 0467-70-5626  
(福祉総務課)

通訳が必要な方は行政通訳が利用できます。通訳が来る日は決まっています(毎日はいません)。電話で予約ができます。対応言語はベトナム語、ポルトガル語、スペイン語、英語です。

TEL : 0467-70-5657  
(企画課 国際・男女共同参画担当)

## Ang Impormasyon sa Ayase Safety Email

Ang serbisyong ito ay magbibigay sainyo ng impormasyon tungkol sa mga natural na sakuna, kahina-hinalang mga tao, pag-iwas sa krimen atbp. Sa komunidad sa pamamagitan ng email (ito ay libre). Ang lahat ng mga email ay may kasamang impormasyon na nakasulat sa madaling nihongo. (Ang ilang impormasyon ay nakasulat sa Ingles, Vietnamese, Portuges at Espanyol din).

### <Paano magparehistro para sa serbisyo sa email>

- ① I-scan ang QR code at magpadala ng isang blangkong email.
- ② Makakatanggap ka ng email galing sa **【ayase-anzen-ansin@psmail.jp】** I-access ang URL sa email.
- ③ I-klik sa **【Sumasang-ayon ako sa pagtanggap ng email】**
- ④ Piliin ang pangalan ng lugar ng inyong tinitirhan, uri ng impormasyon nan ais mong matanggap at bansa/ rehiyon
  - ※1 Ang impormasyon tungkol sa mga natural na sakuna tulad ng mga lindol ay ipapadala.
  - ※2 Maglagay ng tseke sa tabi ng lugar kung saan kayo nakatira.
- ⑤ I-klik sa **【irehistro ang inilagay na impormasyon】**
- ⑥ Makakatanggap ka ng isang email na nagsasabi na nakumpleto na ang pagpaparehistro.



QR code upang magpadala ng isang blangkong email  
空メール送信用 QR



QR code para sa impormasyong nakasulat sa madaling nihongo  
やさしいにほんごの案内 QR

TEL : 0467-70-5687


(Kagawaran ng Pakikipagtulungan ng Mga Mamamayan)

## あやせ安全・安心メールのお知らせ

地域の災害情報や不審者情報、防犯情報などをメールでお知らせするサービスです（無料）。すべてのメールにやさしい日本語を併記しています（一部の情報は、英語、ベトナム語、ポルトガル語、スペイン語にも対応）。

### <登録方法>

- ① QRコードを読み込み空メールを送信
- ② **【ayase-anzen-ansin@psmail.jp】** から来たメールにある URL にアクセス
- ③ **【メール配信に同意する】** を押す



- ④ 住んでいる地区の名前と配信項目と国・地域を選ぶ

配信項目(はいしん ないよう)選択

配信項目(はいしん ないよう)を選択してください。  
※は入力必須項目になります

■配信項目 (はいしん ないよう) ※

- 災害・生活注意情報 (さいがい・せいかつちゅういじょうほう)
- 火災情報 (かさいじょうほう)
- 防犯情報 (ぼうはんじょうほう)
- 不審者情報 (ふしんしゃじょうほう)
- 行方不明者情報 (ゆくえふめいしゃじょうほう)
- 出立欠付情報 (でしゅつがけい)

■地区 (じちがい) (任意) ※

- 総合
- 中村
- 上深谷
- 夢川
- 大上
- 寺尾南
- 寺尾北
- 寺尾北
- 寺尾天台
- 小園

- ⑤ **【入力内容を登録する】** を押す

利用者情報確認

入力内容を確認して、「入力内容を登録する」を押してください。

- ⑥ 登録完了メールが届きます

TEL : 0467-70-5687

(市民協働課)

Maaari mong tingnan ang "Koho Ayasel" at "Shimin Benricho (Helpful Handbook For Citizens)" sa mga banyagang wika sa PC, smart phone o tablet.

Magagamit na wika: Ingles, Portuges, Thai, Intsik, Hangul, Espanyol, Indonesian, Vietnamese

「広報あやせ」を外国語で読むことができます

QRコードからパソコン、スマートフォンやタブレットで、「広報あやせ」や「市民便利帳」が外国語で閲覧できます。  
対応言語: 英語・ポルトガル語・タイ語・中国語・ハングル・スペイン語・インドネシア語・ベトナム語



### Pamamaraan para sa pagpapatala sa kindergarten / daycare center

Ang mga daycare center ay mga pasilidad na nangangalaga sa mga bata (bagong silang na sanggol hanggang sa makapasok sa elementarya) para sa tiyak na bilang na oras sa isang araw sa mga magulang na hindi maalagaan ang kanilang mga anak sa bahay dahil sa kanilang trabaho o para sa iba pang kadahilanan.

Kung nais ninyong ipatala ang inyong mga anak sa isang daycare center, magsumite po lamang ng aplikasyon sa Kagawaran ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa munisipyo ng Ayase nang ika-10 araw ng buwan bago ang inilaan na pagsisimula ng buwan. (Nagsisimula silang tumanggap ng mga aplikasyon sa mga buwan ng Oktubre para sa pagpapatala para sa Abril ng sumusunod na taon.)

Ang mga kindergarten ay mga paaralan para sa mga batang edad tatlo pataas bago pumasok sa elementarya.

Kung nais mong ipatala ang iyong anak sa kindergarten, maaaring mag-aplai ng direkta.

Para sa mga karagdagang detalye, mangyaring makipag-ugnayan po lamang sa Kagawaran ng Suporta para sa Pag-aalaga ng Bata sa munisipyo ng Ayase.

TEL : 0467-70-5615

(Kagawaran ng Suporta para sa Pag-aalaga ng Bata)

### 幼稚園・保育園の 入園手続きについて

保育園は、保護者が仕事などで、家で子ども（0歳～小学校に入る前）の保育ができない場合、一定の時間、子供の保育をする施設です。

保育園に入園したい場合は、前の月の10日までに、市役所の子育て支援課に申し込んでください。（4月入所申し込みのみ前年の10月頃に受付）

幼稚園は、3歳から小学校に入る前の子どものための学校です。幼稚園に入園したい場合は、入りたい幼稚園に直接申し込んでください。

詳しくは、綾瀬市役所の子育て支援課に確認してください。

TEL : 0467-70-5615

（子育て支援課）

### Para sa mga nagnanais na magbukas na kanilang negosyo

Mayroong sistema na makakatulong sa mga naglalayon na magbukas ng kanilang negosyo sa Ayase, Nagbibigay ng tulong pampinansyal para sa mga gastos na kinakailangan upang makakuha ng mga kwalipikasyon na kinakailangan para sa pagbubukas ng negosyo, gaya ng lisensya sa pangangasiwa ng sanitasyon sa pagkain, lisensya sa pagluluto atbp.

Ang tulong pinansyal ay hanggang sa kalahati ng mga kinakailangang gastos at ang maximum na halaga ay 40,000 yen.

Para sa mga karagdagang detalye at kung paano ang pag-aaplai, mangyaring makipag-ugnay sa Kagawaran ng Komersyo at Turismo sa ikalimang palapag ng munisipyo ng Ayase.

TEL : 0467-70-5685

(Kagawaran ng Komersyo at Turismo)

### 仕事を始めたい方へ

市内で、創業を目指す方を対象に、食品衛生責任者や調理師資格など創業に必要な資格を取得するために、必要な経費を補助する制度があります。

補助額は、対象となる経費の1/2以内で、上限は4万円です。

詳しい内容や手続きの方法については、綾瀬市役所5階の商業観光課に確認してください。

TEL : 0467-70-5685

（商業観光課）

### Iskedyul sa paglalathala ng susunod na isyu Kokontakin para sa impormasyon at katanungam

### 次号の予定・問い合わせ先

Ang susunod na isyu ay naka-iskedyul na mailathala sa Marso 2021. Para sa mga katanungan tungkol sa Newsletter na ito ng impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa Seksiyon ng Paglahok sa Pag-aaral ng Kalalakihan at Kababaihan ng Departamento ng Pagpapalano. (Ang opisina ay nasa ikalawang palapag ng City Hall.

Tel. 0467-70-5657 Fax 0467-70-5701

E-mail : wm.705657@city.ayase.kanagawa.jp

次号は、2021年3月発行予定です。  
この情報紙についての意見や問い合わせは、企画課国際・男女共同参画担当へ。  
事務所は市役所の2階です。  
電話 0467-70-5657 FAX 0467-70-5701  
E-mail wm.705657@city.ayase.kanagawa.jp

- 4 -

Sa tulong ng mga boluntaryo, a ng impormasyon na ito newsletter ay na publish upang magbigay ng mga banyagang residente na may kapaki-pakinabang na impormasyon na tumutulong sa kanila na ipamahay bilang aktibong kalahok sa komunidad.

この情報紙は、外国人住民の方が、地域の一人として暮らしやすい環境をつくるための情報資料として、ボランティアの方々の協力で作成しています。